

Paghandan Ang Lindol!

**Handa Sa Lindol Na
Kampanya Ng California**

Mga Dapat Gawin



LINDOL—KUBLI, TAGO AT KAPIT: MGA PAYO

Kung nararamdaman mo na ang lindol, magtago sa ilalim ng matibay na mesa. Lumayo sa bintana, sa lalagyan ng libro, file cabinet, mabibigat na salamin, mga nakabiting tanim at iba pang mga mabibigat na bagay na maaring mahulog. Mag-ingat sa nahuhulog na plaster o tiles galing sa bubong. Manatiling nakatago sa ilalim ng mesa hanggang matapos ang lindol. Kumapit sa mesa. Kung ito ay gumalaw sumama ka dito. Naririto pa ang dagdag na payo.

- ◆ Kung ikaw ay **NASA LOOB NG MATAAS NA GUSALI** at malayo ka sa mesa dumako sa dingding na nasa bandang gitna at takpan ang ulo ng iyong mga kamay. Huwag gamitin ang elevator. Huwag mabahala kung tumunog ang alarm o bumukas ang sprinkler.
- ◆ Kung ikaw ay **NASA LABAS** pumunta ka sa ligtas na dako, malayo sa mga punongkahoy, mga gusali o mga putol na linya ng koryente.
- ◆ Kung ikaw ay **NASA TABING DAAN MALAPIT SA GUSALI** kumubli sa may pintuan upang pangalagaan ang sarili sa mga nahuhulog na bricks, salamin, plaster at iba pa.
- ◆ Kung ikaw ay **NAGMAMANEHO** tumabi at tumigil. Mag-ingat sa overpass, linya ng koryente at iba pang bagay na maaring makapinsala sa iyo. Manatiling nasa loob hanggang matapos ang pagyayanig.
- ◆ Kung ikaw ay **NASA PUBLIKONG LUGAR NA MARAMING TAO**, huwag magmadali sa paglabas. Umiwas sa mga nakahantad na bagay na maaring mahulog.
- ◆ Kung ikaw ay **NASA WHEELCHAIR**, manatili diyan. Pumunta sa dakong maari kang kumubli. Isara ang iyong mga gulong at takpan ang ulo ng iyong mga kamay.
- ◆ Kung ikaw ay **NASA KUSINA**, lumayo sa refrigerator, sa stove at sa mga lalagyan ng mga baso't tasa na nasa itaas. (Kaya kailangan nakaseguro ang mga kagamitan at mga pinto ng kabinet.)
- ◆ Kung ikaw ay **NASA LOOB NG STADIUM O SINEHAN** manatiling nakaupo at takpan ang iyong ulo ng iyong mga kamay. Huwag lumabas hangga't hindi tumigil ang pagyayanig. Saka ka na lumabas na mahinahon.

**PAGTIGIL NG LINDOL, HUMANDA SA MGA SUSUNOD PANG MGA PAGYAYANIG, AT
MAGHANDA KUNG SAAN KA MAARING KUMUBLI KUNG MULING MANGYARI ITO.**